	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag unawa sa PhilHealth Circular	
PhilHealth Your Partner in Health	**Circular No.**	**2024-0015**
	Title	**Guidelines on Contracting Health Care Provider Networks**

Tanong	Sagot
1. Ano ang Health Care Provider Network (HCPN)?	Ito ay tinatawag ding Network o grupo ng mga pasilidad na nagbibigay ng primary, secondary, at tertiary care sa mga pasyente. Ang mga pasilidad sa network ay dapat lisensyado ng Department of Health (DOH) o may mga nararapat na sertipikasyon at akreditasyon mula PhilHealth. Layunin ng Network na magbigay ng komprehensibong serbisyong pangkalusugan mula sa primary hanggang tertiary care sa paraang magkakaugnay.
2. Ano ang mga uri ng Network?	Ang uri ng isang Network ay depende sa entity o Managing Board na namamahala rito. Ito ang mga sumusunod: A. Public Network – pinamamahalaan ng Local Health Board (Provincial o City Health Board). B. Private Network – pinamamahalaan ng Private Board na mayroong dokumentong nagpapatunay sa juridical identity nito. C. Mixed Network –pinamamahalaan ng self-assembled Board na binubuo ng ng mga kinatawan mula sa pampublikong at pribadong pasilidad at may dokumentong nagpapatunay sa juridical identity nito.
3. Ano ang contracting?	Isang proseso kung saan ang mga pasilidad at mga Network ay kinokontrata ng PhilHealth para magbigay ng mga serbisyong pangkalusugan ayon sa napagkasunduang dami ng pasyente, presyo, at cost sharing.
4. Ano ang apex hospital?	Kilala rin sa tawag na end-referral center. Ito ay isang ospital na nagbibigay ng espesyal na tertiary care. Ang mga ito ay kinakilala ng DOH at kinokontrata ng PhilHealth bilang stand-alone na pasilidad.
5. Ano-ano ang mga kundisyon sa ilalim ng isang Network?	Ang mga sumusunod ay ang mga engagement na nararapat gamitin: 1. Performance Commitment (sa proseso ng akreditasyon) sa pagitan ng PhilHealth at member facilities 2. Memorandum of Agreement (MOA) at Service-Level

	Agreement (SLA) sa pagitan ng PhilHealth at Network. 3. SLA sa pagitan ng Network at mga kasaping pasilidad. 4. MOA sa pagitan ng Network at apex hospital. Ang mga nabanggit na kundisyon ay dapat mapagkasunduan ng mga awtorisadong kinatawan ng PhilHealth, Network, member facilities, at apex hospital.
6. Ano ang pagkakaiba ng MOA at SLA?	Ang MOA ay isang kasunduan sa pagitan ng PhilHealth at Network kung saan nakasaad ang mga obligasyon at commitment hinggil sa pagbabayad ng benepisyo. Napakaloob dito bilang Annex ang SLA. Ang SLA ay Annex ng MOA na naglalaman ng detalyadong kasunduan kabilang ang dami ng serbisyo, halaga ng kasunduan, at iba pang kundisyon.
7. Ano ang mga requirements para maging Network?	Upang maging ganap na Network ang aplikante, kailangan nitong isumite ang mga sumusunod sa PhilHealth: 1. Letter of Intent 2. Provider Data Record para sa Network 3. Isinagawang Self-Assessment Tool na naglalaman ng status ng mga sumusunod na requirements: a. Patunay na ang Network ay kinikilala ng DOH b. Patunay ng Engagement sa mga pasilidad upang maging bahagi ng Network c. Listahan ng mga pasilidad ayon sa serbisyo at kalakip nitong mga lisensya/sertipikasyon at akreditasyon mula PhilHealth. d. Certificate of compliance sa IT requirements ng PhilHealth e. Patunay na sa pagkakaroon ng SHF book of accounts at mga subsidiary ledgers f. MOA sa pagitan ng Network at apex hospital
8. Kailan ang deadline ng aplikasyon ang bilang Network?	Tatanggapin ng PhilHealth ang mga aplikasyon mula July 1 to September 30 para maging kwalipikadong Network sa susunod na taon. Kapag aprubado ang aplikasyon, makatatanggap ang Network ng Notice to Proceed with Contracting. Ito ay patunay na nasunod ng aplikante ang mga requirements para maging kwalipikadong Network at makontrata. Para sa taong 2024, kailangang kumuha ang aplikanteng Network ng Notice to Proceed with Contracting bago

	sumapit ang August 31, 2024.
9. Sa taong 2025, kailangan pa bang mag-apply ulit ang Network na nakontrata na sa taong 2024?	Hindi. Ang Notice to Proceed with Contracting ay valid sa loob ng panahon ng HCPN demonstration. Subalit magkakaroon muli ng negotiation at execution ng MOA at SLA para sa taong 2025.
10. Magsasagawa ba ng monitoring ang PhilHealth sa mga Network?	Ang PhilHealth ay magsasagawa ng monitoring at evaluation sa lahat ng Network at mga miyembro nitong pasilidad upang mapanatili ang maayos na pagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan.